



PATNUBAY SA MISA

21 Agosto 2022

Ika-21 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon K

ANG HAMON NG MAKIPOT NA PINTUAN

Sa makabagong sikolohiya, pinahahalagahan nang gayon na lamang ang “mabuting pakiramdam” at “pagmamahal sa sarili” bilang kundisyon para sa pagmamahal sa kapwa. Ngunit sa Ebanghelyo ngayon, pinaaalalahanan tayo ni Hesus na walang madaling daan para maging alagad niya nang ipahayag niyang ang Kaharian ng Diyos ay mararating sa pamamagitan lamang ng “makipot na pintuan.”

Tiyak na ang tinutukoy ni Hesus ay di ang materiyal na pintuang makipot, kundi ang “makipot na pintuan” ng katapatan sa ating mga tungkulin araw-araw at pagsunod sa kautusan ng Diyos sa ating buhay.

Sa Eukaristiya natin ngayon, idalangan nating biyayaan tayo ng tibay ng kalooban para piliin natin ang “makipot na pintuan” ng pagsasakripisyo sa halip ng maluwanag na pintuan ng karangyaan at iba pang anyo ng pansariling kasiyahan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa aking abang dalangin, D'yos ko, ako'y iyong dinggin. Ang pagsamo ko't pagdaing ay mangyaring iyong dinggin. Kaligtasa'y aking hiling!

Pagbati

P—Ang biyaya at kapayapaan buhat sa ating Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B—At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Habang naghahanda tayo para sa pagdiriwang ng Eukaristiya, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin sa Diyos ang kapatawaran at lakas. (Manahimik sandali.)

P—Para sa mga pagkakataong tinanggihan namin ang iyong disiplina at tinangka naming magpasarap sa buhay sa paraang makasarili, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa mga pagkakataong pinili namin ang maluwanag na daan ng pagpapasarap at pagmamalaki, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa mga pagkakataong kami'y naging sanhi ng pagdurusa ng aming kapwa, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hangan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, ginagawa mong kami’y magkaisa ng kalooban. Ipagkaloob mong ang iyong mga utos ay aming mahalín, ang iyong mga pangako ay hangarin naming tanggapin, upang sa ano mang pagbabago sa paligid namin, manatiling matatag ang aming loobin sa tunay na kasiyahang matatagpuan sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. *B*—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Isa 66:18-21

Sa pamamagitan ng propeta si Isaias, pinaaalalahanan tayo ng Panginoong ang Kanyang plano ay sumasaklaw sa lahat ng tao at lahat ng kultura. Tayo man ay bahagi ng gayong magandang plano ng dakilang pag-ibig ng Diyos para sa lahat.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ito ang sinasabi ng Panginoon: “Nalalaman ko ang iniisip nila at mga ginagawa. Darating ako upang tipunin ang lahat ng bansa, at mga taong iba’t iba ang wika. Malalaman nila kung gaano ako kadakila. Malalaman din nilang ako ang nagpaparusa sa kanila. Ngunit magtitira ako ng ilan upang ipadala sa iba’t ibang bansa.

Susuguin ko sila sa Tarsis, sa Pul at sa Lydia, mga dakong sanay sa paggamit ng pana. Magsusugin rin ako sa Tubal at Javan, at sa mga baybaying hindi pa ako nababalita sa aking kabantugan. Ipahahayag nila sa lahat ng bansa kung gaano ako kadakila. Bilang handog sa akin sa banal na bundok sa Jerusalem, ibalik nila ang mga kababayan ninyo buhat sa pinagtapunan sa kanila. Sila’y darating na sakay ng mga kabayo, asno, kamelyo, karwahe at kariton, tulad ng pagdadala ng mga handog na butil sa Templo, nakalagay sa malilinis na sisidlan.

Ang ilan sa kanila ay gagawin kong saserdote at ang ilan ay Levita.”

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 117

B—Humayo’t dalhin sa tanan, Mabuting Balitang aral!

R. M. Velez



* Purihin ang Poon! Dapat na purihin ng lahat ng bansa. Siya ay purihin ng lahat ng tao sa balat ng lupa. *B*.

* Pagkat ang pag-ibig na ukol sa ati’y dakila at wagas, at ang katapatan niya’y walang wakas. *B*.

Ikalawang Pagbasa Heb 12:5-7.11-13

Ipinaaalala sa atin ng may-akda ng Liham sa mga Hebreo na ang mga kahirapa’t pagdurusa natin sa buhay ay mga paraan ng pagdisiplina ng Diyos sa ating Kanyang mga anak, para sa ating kabutihan.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Mga kapatid: Nalimutan na ba ninyo ang pangaral ng Diyos sa inyo bilang mga anak niya – mga salitang nagpapalakas ng loob ninyo? “Anak, huwag kang magwalang-bahala kapag itinutuwid ka ng Panginoon, at huwag panghinaan ng loob kapag ikaw ay pinarurusahan niya. Sapagkat pinarurusahan ng Panginoon ang mga iniibig niya, at pinapalo ang itinuturing niyang anak.”

Tiisin ninyo ang lahat bilang pagtutuwid ng isang ama, sapagkat ito’y nagpapakilalang kayo’y inaari ng Diyos na kanyang mga anak. Sinong anak ang hindi itinuwid ng kanyang ama?

Habang tayo’y itinutuwid, hindi tayo natutuwa kundi naghihinagpis. Ngunit pagkaraan niyon, lalasp tayo ng kapayapaang bunga ng matuwid na pamumuhay. Kaya’t palakasin ninyo ang inyong lupaypay na katawan at tipunin ang nalalabi pang lakas! Lumakad kayo sa daang matuwid upang hindi tuluyang mapilay, kundi gumaling ang paang nalinsad.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Aleluya Jn 14:6

B—Aleluya! Aleluya!
Ikaw, O Kristo, ang Daan, ang Katotohana’t Buhay patungo

sa Amang mahal.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 13:22-30

Bukas sa lahat ang pagkatakataong mapabilang sa Kaharian ng langit, ngunit sa kundisyong mamuhay alinsunod sa turo ni Hesus. Iyon ang “makipot na pintuan” tungo sa buhay na walang hanggan.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nagpatuloy si Hesus sa kanyang paglalakbay. Siya’y nagtuturo sa bawat bayan at nayon na kanyang dinaraan patungong Jerusalem.

May isang nagtanong sa kanya: “Ginoo, kakaunti po ba ang maliligtas?” Sinabi niya, “Pagsikapan ninyong pumasok sa makipot na pintuan. Sinasabi ko sa inyo, marami ang magpipilit na pumasok ngunit hindi makapapasok. Kapag ang pinto’y isinara na ng puno ng sambahayan, magtitiis kayong nakatayo sa labas, at katok nang katok. Sasabihin ninyo, ‘Panginoon, papasukin po ninyo kami.’ Sasagutin niya kayo, ‘Hindi ko alam kung tagasaan kayo!’ At sasabihin ninyo, ‘Kumain po kami at uminom na kasalo ninyo, at nagturo pa kayo sa mga lansangan namin.’ Sasabihin naman ng Panginoon, ‘Hindi ko alam kung tagasaan kayo! Lumayo kayo sa akin, kayong lahat na nagsisigawa ng masama!’ Tatangis kayo at magngangalit ang inyong ngipin kapag nakita ninyong nasa kaharian ng Diyos sina Abraham, Isaac at Jacob, at ang lahat ng propeta, at kayo nama’y ipinagtabuyan sa labas!

At darating ang mga tao buhat sa silangan at kanluran, sa hilaga at timog, at dudulog sa hapag sa kaharian ng Diyos. Tunay ngang may nahuhuling mauuna, at may nauunang mahuhuli.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay

Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P–Nakababatid sa kahirapan natin sa buhay habang dumaraan tayo sa “makipot na pintuan” ng tunay na buhay Kristiyano, idalangin natin ang maawaing tulong ng Panginoon. Sama-sama tayong manalangin:

B–Panginoon, gabayan Mo kami!

* Para sa Simbahan, ang tahanan ng lahat ng tao: Nawa tanggapin niya ang lahat ng kultura at tradisyon upang dalisayin at palaguin niya sa kanila ang mga pagpapahalaga ng Ebanghelyo. Manalangin tayo! *B.*

* Para sa Santo Papa at lahat ng Obispo: Nawa sila’y laging maging malinaw na tanda at kasangkapan ng pag-ibig ng Diyos sa lahat ng tao, sa kanilang pangangaral at sa kanilang mga gawaing pastoral. Manalangin tayo! *B.*

* Para sa dumaranas ng kahirapan sa pamumuhay alinsunod sa Ebanghelyo: Nawa magtamo sila ng ginhawa sa alaalang may gantimpala ang Diyos para sa bawat isa alinsunod sa kanyang pagsisikap. Manalangin tayo! *B.*

* Para sa ating parokya: Nawa ito’y maging isang tunay na “Pamayanan ng mga Disipulo” kung saan bawat kasapi ay nakadarama ng pagpapahalaga at

tulong sa patuloy na pagsisikap mamuhay alinsunod sa turo ng Panginoon. Manalangin tayo! *B.*

* Para sa bawat isa sa atin at lahat ng mahal natin sa buhay: Nawa huwag tayong masiraan ng loob sa pagharap sa mga hamon, kundi patuloy na magsikap sa pakikipag-isa sa ating mga kasamahan. Manalangin tayo! *B.*

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! *B.*

P–Diyos Ama, maraming salamat at ginawa Mo kaming Iyong mga anak kay Hesus, na aming Kuya at Tagapagligtas. Tulungan Mo kami sa aming pagsisikap na lalong mapalapit sa Iyo sa pamamagitan ng “makipot na pintuan” ng tapat na pagsunod sa Iyong kalooban. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Hesus.

B–Amen!



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, pinagkamit mo kami ng iyong pagkukup pakundangan sa isang pampalagiang paghahandog kaya’t sa iyong Sambayanan ay iyong ipagkaloob ang pagkakaisa at kapayapaang nagbubuklod bunga ng aming mga alay na iyong ikinalulugod sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. *B*–Amen!

Prepasyo VI

P–Sumainyo ang Panginoon!

B–At sumaiyo rin!

P–Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B–Itinaas na namin sa Panginoon!

P–Pasalamat natin ang Panginoon ating Diyos!

B–Marapat na siya ay pasalamat!

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo’y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo Panginoon Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinaggala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai’t inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya’y dumating.



B–Ama namin . . .

P–Hinihiling namin . . .

B–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang halaman ay namunga at may pagkaing nakuha, ubas na dulot ay sigla, pawang bigay ng D'yos Ama upang tayo'y lumigaya.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, lubusin mo sa amin ang kagalingang bigay ng iyong pag-ibig na ngayo'y ipinagdiriwang at kami nawa'y magkaroon ng ganap na kaunlaran upang sa lahat ng aming pinagkakaabalahan ikaw ay aming mabigyang-kasiyahan sa pamamagitan ni Hesuskristo

kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik sandali.)

–Pagkalooban nawa kayo ng pagbabagong puso upang kayo'y makasunod sa Kanya nang may higit na katapatan.

B–Amen!

P–Patibayin nawa Niya kayo sa kahirapan ng buhay nang malampasan ninyo itong lahat sa kapangyarihan ng Krus.

B–Amen!

P–Iadya nawa kayo sa lahat ng kapahamakan at akayin kayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

P–At pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B–Salamat sa Diyos!

Para Lamang sa Matapang at Bukas-Palad

Jess P. Balon • Isinalin sa Filipino ni Cecilia G. Valmonte, EdD

Ang tanong kay Hesus na “Kakaunti po ba ang amaliligtas?” ay waring walang galang at alangan. Malinaw na ang ibig ng nagtanong ay bilang. Di niya nauunawaan na ang sagot ay di rin naman niya ikapagiging mabuting tao.

Hindi sinagot ni Hesus ang tanong niya, kundi ang ibang lalong mahalaga, “Paano tayong maliligtas?” Sa sagot niyang “**Pagsikapan ninyong pumasok sa makipot na pintuan,**” tinukoy ni Hesus kung ano ang dapat gawin para magtamo ng pagliligtas ng Diyos.

Ang tanong at ang sagot ay kapwa napapanahon ngayon, na gaya noong panahon ni Hesus. Alam natin at matibay tayong nananalig na “ibig ng Diyos na maligtas ang lahat ng tao at makaalam ng katotohanan” (1 Tim 2:4). Nilikha Niya ang tao para lamang dito. Para matupad ang ganitong layunin, “**ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak upang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan**” (Jn 3:16).

Tunay ngang dakila ang puso ng Diyos na nakalaang tanggapin at paligayahin ang bilyun-bilyong tao. Ngunit umaasa rin naman Siyang tutupad ang bawat isa sa kanyang dapat gawin. May kontribusyon tayo dapat, hindi para “mabili” ang langit, kundi dahil sa pagpapasalamat sa Panginoon at sabik tayong makapasok dito. Pagsikapan nating pasukin ang

makipot na pintuan.

Ano nga ba ang mahiwagang “makipot na pintuang” ito? **Ito ay kababaang-loob, pagtitiis, pagkabukas-palad, pagpapatawad, kalinisan, katapatan, kabanalan . . . anupa’t magiliw na pagsunod sa mga utos ng Diyos.** Ito ang mga kundisyong ikinapagiging “makipot” ng ating buhay. **Ito rin ang mga katangian at kabaitang naglalayo sa tao sa bigat ng kasalungat na mga bisyo at kasalanan.**

Ang “*maikipot na pintuan*” ay isang hamon para piliin natin ang tama sa halip ng kasiya-siya at madali. Ito ay katapangang gawin ang kalooban ng Diyos sa halip ng sa atin. Ang mga di makapasa rito ay mga taong nagkukulung sa kanilang sarili pagkat kulang sila ng katatagang iwaksi nila ang lahat ng alangan sa presensiya ng Diyos at kabanalan ng Kanyang Kaharian.

Ang ganitong “makipot na pintuan” ay hindi isang malungkot na sorpresa sa dulo ng ating buhay. Ito ay isang *katunayang pang-araw-araw*, isang hamong kaharap nating madalas. Ang kaligayahang dulot nito ay para sa mga handang tumalikod sa lahat ng pinahahalagahan ng mundo. Kung ito ma’y parang pakikipagsapalaran, ito’y sulit namang subukin. Si Kristo ang unang pumasok sa makipot na pintuan. At di niya ito pinagsisihan! (*Sangguniin Heb 12:2*.)



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5241; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Fr. B. Nolasco, M. Vibiesca, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua